

NIZ Balitaan

PCC, LGU-Science
City of Muñoz,
magkatulong
sa SDG FACES... p2

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone



Si Ronald Pacson kasama ang kanyang mga gatasang kalabaw.

Pagkakaisa, pagsusumikap ng mga magsasakang maggagatas ng NEFEDCCO

Ni Micko Roa Dela Cruz

Mayroong kasaping 38 primaryang kooperatiba na kinaaniban naman ng 678 magsasaka ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) na may tanggapan sa San Ricardo, Talavera.

Pangunahing ikinabubuhay ng mga kasapi ng kooperatiba na mag-alaga ng mga gatasang kalabaw at nagpapatuloy naman ang pamamayagpag ng pederasyon sa tulong ng mga kasaping kooperatiba.

Itinindig ang pederasyon dahil sa pagsasama-sama ng mga kasaping kooperatiba na ang pangunahing layunin ay tipunin ang kanilang

Sundan sa p.2

Pagpupursigi sa kalabawan: Tagumpay na hatid ng maabilidad na pagnenegosyo

Ni Charlene Joanino

“Basta’t masipag ka, walang imposible.” Ito ang paniniwala ng mangangalakal at maggagatas ng kalabaw na si Ronald Pacson, 64 gulang, ng Brgy. Ardillo, Cabanatuan City.

Bilang isang indibidwal na nangangalabawan, “di madali” kung ilarawan ni Pacson ang pagsisimula. Siya ay isang dating magtutumana na napilitang maghanap ng ibang kabuhayan upang makakuha ng dagdag na kitang pantustos sa pamilya.

Nagsilbing inspirasyon ni Pacson ang pagtatagumpay ni Jaime Ramos mula sa Talavera na noo’y isa sa bantog na matagumpay na maggagatas sa Nueva Ecija.

Sampung taon na ang nakalipas nang bilhin ni Pacson ang kanyang unang bulo sa halagang Php8,900. Ginamit niya ang naitatabing pera kada ani mula sa pagtanim ng mga mais, kalamansi at samu’t saring gulay upang makapagsimula siya sa pangangalabawan.

“Pikit-mata ‘yong pagsugal ko sa paggagatas. Nakatutuwa dahil lahat ng paghihirap ko ay nagbunga nang maparami ko na ang aking mga kalabaw,” paglalahad ni Pacson.

Isa sa ‘di niya malilimutan na karanasan ay noong nilason ang ilan sa kanyang mga kalabaw. Ang pangyayaring ito, aniya, ay sumukat sa katatagan niya lalo pa’t pinagsisikapan niyang iangat ang kabuhayan. Upang maiwasang maulit

muli ang pangyayari, unti-unting nagtayo ng koral si Pacson sa loob ng kanyang bakuran.

Ani Pacson, inabot ng mahigit sa limang taon bago niya lubusang naisaayos ang kanyang negosyong kalabawan. Sa mga panahong pinanghihinaan siya ng loob, aniya, itinataas na lamang niya sa Diyos ang kanyang mga hinaing.

Sa ngayon, ‘di bababa sa 20 kalabaw na ang kanyang inaalagaan. Mayroon na rin siyang mga katiwala na tumutulong sa kanya sa pag-aasikaso rito.

Araw-araw, alas-kuwatro ng umaga kung gumising si Pacson. Tumatagal ng kalahating oras o higit pa ang paglinis ng koral at pagpapaligo sa

mga kalabaw.

Pagpatak ng alas singko, manu-mano niyang ginagatasan ang kalimita’y pito hanggang siyam na kalabaw na nakapagbibigay ng hanggang 45 litrong gatas. Ang aning gatas ay ipinapasa niya sa isang negosyante sa Bulacan sa halagang Php52-55 kada litro.

Bilang ama ng pamilya, nag-isip si Pacson ng iba pang paraan para kumita sa pagkakalabaw. Bukod sa paggagatas ay nagbebenta na rin siya ng kalabaw.

Sinisiguro niya, aniya, na may makakuha siya kaagad na kapalit ng naibentang kalabaw. Ito’y upang mamintina niya ang produksyon ng gatas at upang magkaron muli ng

Sundan sa p.3

PCC, LGU-Science City of Muñoz, magkatulong sa SDG FACES Milk Supplementation Program

Ni Charlene Joanino



Ang mga representante mula sa PCC at LGU-Science City of Muñoz matapos ang pormal na paglalagda kaugnay ng programa.

Kaugnay ng inisyatibo sa pagsusulong ng Sustainable Development Goal (SDG) na naglalayong wakasan ang gutom at maabot ang seguridad sa pagkain, mapabuti ang nutrisyon at isulong ang matatag na agrikultura, ang PCC ay magbibigay ng probisyon ng gatas para sa 40 batang nasa mababang paaralan, edad 7-15, sa Brgy. Poblacion East, Science City of Muñoz, Nueva Ecija sa loob ng 120 araw.

Noong Setyembre 17, inilunsad at opisyal na nilagdaan ang memorandum of agreement (MOA) para sa milk supplementation program sa pagitan ng PCC, local government unit (LGU) ng Science City of Muñoz at SDG Family-based Actions for Children and their Environs in the Slums (FACES) Inner Circle. Ito ay

ginanap sa opisina ng alkalde ng lungsod ng Muñoz.

Kabilang din sa mga nagsipagdalo ang mga batang benepisyaryo kasama ang kanilang mga ina na parte ng proyektong SDG FACES.

Ayon kay Jefferson Ongoco, *City Development and Planning Officer*, ang mga residenteng napili sa SDG FACES ay itinuturing na pinakamahirap sa siyudad. Kanyang binigyang-diin ang importansiya ng inisyatibo ng proyekto na makapagbigay ng inspirasyon at kakayahan sa ina ng mga bata na manguna sa pagsiguro sa mabuting kalusugan ng buong pamilya.

“Aking hinihimok ang mga ina na tulongan kami, ang LGU at PCC sa pagpapainom ng gatas sa mga bata upang maisulong ang adhikaing maibsan ang malnutrisyon,” ani Mayor Nestor Alvarez ng Science

City of Muñoz.

Ang SDG FACES ay inilunsad sa ilalim ng kampanya ng United Nations Development Programme sa pakikipagtulungan ng Department of Interior and Local Government at Local Government Academy kung saan kabilang ang LGU-Science City of Muñoz.

Ang pangunahing layunin ng proyekto ay hikayatin ang iba’t ibang sektor ng lipunan sa paglalahad ng mga kritikal na usapin sa tahanan, panlungsod at pang-nasyonal man na direktang makakaapekto sa antas ng pamumuhay ng mga batang nakatira sa mahihirap na lugar o slums.

Kaugnay nito, ayon kay PCC *Executive Director* Arnel del Barrio, sinusuportahan ng PCC ang SDG FACES sa pagsugpo sa kahirapan sa pamamagitan ng pagsiguro na

ang susunod na henerasyon ay malusog sa tulong ng pag-inom ng gatas.

Sa ilalim ng MOA, 4,800 na pakete ng 200ml *pasteurized toned buffalo’s milk* ang magmumula sa PCC. Ang ahensiya din ang mangunguna sa pagsubaybay at pagsusuri sa progreso ng proyekto.

Habang ang LGU naman ang siyang bahala sa lohikal na suporta, pag-asiste sa koordinasyon at pagbabantay sa pang-nutrisyon na estado ng mga benepisyaryong bata.

Sa kabilang banda, ang Inner Circle of SDG FACES naman ang kokolekta ng inuming gatas at maniniguro na iinumun ito ng mga bata.

Nanguna sa paglagda ng MOA sina Mayor Alvarez, *PCC Executive Director del Barrio*, *PCC Research and Development Division Chief* Annabelle Sarabia at *SDG FACES Inner Circle President* Zaida Gallentes.

Kabilang sa mga sumuporta din sa proyekto sina Ma. Theresa Sawit, hepe ng Socio Economics and Policy Research at Mina Abella, hepe ng Carabao Enterprise Development Section.

Nang nakaraang taon, sa loob ng 204 araw ay nagtulungan na rin ang PCC, Science City of Muñoz – LGU at DepED sa katulad na *milk supplementation program* para sa 527 na mag-aaral naman na nasa unang baitang. ●

Pagkakaisa... mula sa p.1

mga inaaning gatas, magproseso, at magbenta ng mga nakolekta at naiprosesong gatas sa lalawigan ng Nueva Ecija.

Sa mga nagdaang mga taon, dumanas ang NEFEDCCO ng mga pagsubok na dahilan upang muntik nang ihinto ang operasyon nito lalo na noong taong 2015. Dahil sa pagsubok na ito, minarapat ng *Board of Directors* (BOD) ng pederasyon na makipag-unayan sa Philippine Carabao Center (PCC) upang humingi ng tulong upang mapagbuti ang operasyon nito. Agad namang tumugon ang PCC at nagpadala ng kinatawan na tinawag

na “Business Enhancement Team (BET)”. Ang layunin nito ay upang pag-aralan at alamin ang katayuan at mga naging suliranin na dinaanan ng NEFEDCCO ng nakaraang mga taon.

Bunga ng naging resulta ng pag-aaral at pag-aanalisa, nagkasundo ang BET at ang mga BOD na magkaroon ng pagpupulong sa mga primaryang miyembro ng NEFEDCCO upang talakayin ang bawa’t suportang maiaambag ng bawa’t isa. Minarapat din ng PCC ang pagtatalaga ng isang sanay na tao upang tumutok sa kanilang operasyon at pang-araw-araw na pagpapatakbo ng pederasyon upang

muling makabangon at lumakas ang pagnenegosyo nito.

Ang mga nakitang kahinaan sa pamamahala ng negosyong pagproseso ng gatas ng kalabaw ay unti-unting tinugunan sa pagtutulongan ng PCC at ng BOD.

Makalipas ang isang taon, sa pagtutulongan ng BOD at mga namumuno sa NEFEDCCO, kasama ang mga primaryang kooperatiba at mga ahensiyang tulad ng PCC, Department of Trade and Industry, Department of Agrarian Reform, Provincial Government at iba pang

ahensiya ng gobyerno, unti-unting nakabangon ang pederasyon.

Noong taong 2016 ay kumita ang NEFEDCCO ng halos Php708,169.57. Noon namang taong 2017 ay Php580,108.23 na bumaba ng kaunti sa ilang kadahilanan.

“Sa ngayon ang NEFEDCCO ay patuloy pa ring nakatutulong sa mga kasaping kooperatiba sa pamamagitan ng pagkokolekta at pagbabayad ng tamang presyo para sa mga inaaning gatas ng mga magsasakang nasa industriya ng gatas ng kalabaw,” anang mga namamahala sa NEFEDCCO. ●

Pangkabuhayang salig-sa-kalabaw, pinalalawig sa Bongabon

Ni Myra Sheryll Dacwag



Masuwerteng napagkalooban ang mga miyembro ng Bongabon Dairy Producers Association ng pahiram na kalabaw, iba't ibang kagamitan at pasilidad sa paggagatas mula sa PCC, Department of Science and Technology, at Central Luzon State University noong Agosto.

Sa sinumang makasisilay sa lupain ng Bongabon, Nueva Ecija ay siguradong mamamangha sa imahe na itinatampok ng maberdeng kapaligiran na animo'y paraisong di-matatanggihang sipat-sipatin upang paglunuyan ang angking kagandahang naroroon.

Ito ang karakang madarama ng sinumang tatahak na papasok at palabas sa bayang ito sa lalawigan.

Ang bayang ito'y matatagpuan sa silangang bahagi ng probinsiya at nabibilang sa *2nd class municipality* na ang pangunahing pangkabuhayan ay agrikultura. Mayroon itong 28 barangay na ang 22 dito ang kabilang sa *rural barangays* na mayroong tinatayang kabuuang lawak na 10,219 ektarya ng lupang ginagamit sa pag-aani ng mga produktong pang-agrikultura.

Masigla rin sa bayang ito ang industriya ng paghahayupan, lalo na ang ukol sa pagkakalabawan. Sa katunayan, batay sa isinagawang imbentaryo ng kalabaw sa buong Nueva Ecija noong 2016 na pinangunahan ng PCC sa pakikipag-ugnayan sa PVO, ang Bongabon ay mayroong 914 na kalabaw na 372 sa mga ito ay *breedable* o maaari nang palahian.

Ang mga ito'y mula sa 27 na barangay. Sa kasalukuyan, ang dating bilang nito ay umabot na ngayon sa 1,341 na 661 sa kanila ay mga babae. Ang datos na ito'y nabatid mula kay Doktora

Loida Cabana, ang beteryaryo ng nasabing bayan.

Ayon din sa isinagawang pag-aaral ng mga *researchers* at *professors* ng Department of Climate Change and Environment Management ng CLSU na sina Propesor Annie Melinda Paz-Alberto at iba pa, naaangkop ding alagaan ang kambing sa lahat ng barangay ng Bongabon sa kabila ng panganib na dala ng mabilis at matinding pagbabago ng panahon.

Ang pag-aaral ay may pamagat na "Climate Change Impacts and Vulnerability Assessment of Selected Municipalities and Agroecosystems to support Development of Resilient Communities and Livelihoods in Nueva Ecija".

Base pa rin sa naging resulta ng kanilang pananaliksik, ang nasabing bayan ay bahagyang naka-expose (moderate exposure) sa mga panganib na dulot ng pagbabago ng klima at kalamidad. Gayunpaman, may kapasidad ito na umangkop sa naturang pagbabago base sa kinalabasan ng *vulnerability assessment* at *mapping* na isinagawa.

Kaya naman di na nagdalawang-isip ang PCC na tugunan ang ipinaabot na *partnership* o pakikipagtutulungan ng opisina ng pambayang beteryaryo nang sa gayo'y mapabilis ang pag-unlad ng kabuhayan ng mga magkakalabaw sa kanilang nasasakupan.

Sa mga hakbanging isinagawa, una

nang inasistehan ang asosasyon ng mga magsasaka sa barangay Pesa noong 2016 na mayroong ginagatasang *native* at *crossbred* na kalabaw. Nadagdagan pa ito nang mabigyan din ng gatasang kalabaw mula sa *buy-back program* ng ahensiya.

Sumunod naman na gawain ay ang malawakang PCC *program orientation* na isinagawa ngayong taong ito sa barangay Ariendo at Pesa. Ang *orientation* ay isinagawa kaugnay sa isang sesyon sa sangguniang pambayan na dinaluhan ng mga magkakalabaw na galing sa 12 barangay.

Nakapagsagawa din ng *technical trainings*, gaya ng "Basic Buffalo Management Training" sa Ariendo noong nakaraang Hulyo 25-27 at "On-Site Training on Feeding Management and Improved Forage Production and Conservation" na dinaluhan ng 40 magkakalabaw na mula sa iba't ibang barangay ng Bongabon noong nakaraang Setyembre 19. Isinagawa ito upang mapalawig pa ang teknikal na kaalaman ng mga kinaaukulang dumalo sa mga pagsasanay ukol sa *dairy farming*.

Upang mapataas ang lahi at maparami pa ang populasyon ng kalabaw sa nasabing lugar, nagsagawa ng *Fixed-Timed Artificial Insemination* (FTAI) sa barangay Pesa ang tanggapan ng National Impact Zone (NIZ) at PCAARRD *Project III* sa pakikipag-ugnayan pa rin sa *veterinary office* ng bayan. Bukod dito, nagkaloob

na din ng bulugan sa barangay Pesa alinsunod sa *Bull Loan Program* ng ahensiya bilang suporta sa *breeding services* ng PCC.

Nagsagawa na rin ng *profiling* ng mga magsasakang maggagatas sa barangay Pesa para marehistro at mapabilang sa mga maggagatas na kalauna'y sisiyasatin ng NDA kung sinusunod ba o tinutupad ng mga ito ang mga *requirements* ng "Dairy Regulations and Safety Standards" upang sa gayo'y mabigyan sila ng *Certificate of Compliance* o COC para makapagsapamilyan ng aning gatas ng kalabaw.

Sa pangkalahatan, ang balikatang ito ng PCC at LGU-Bongabon ay inaasahang magbubunga ng malaking biyaya na tatamasahin ng bawa't magkakalabaw sa nasabing bayan.

Gayunman, ang masidhing pagpupursigi at pagpapanatili ng alab sa puso ng bawa't isa ang siyang gagamiting susi upang mapagtagumpayan ang programa. ●

Pagpupursigi...

mula sa p.1

panibagong aalagaan.

Mula sa kinikita sa pagbili at pagbenta ng kalabaw pati na sa paggagatas ay natutustusan ni Pacson ang pag-aaral ng mga anak. Ang pagkokolehiyo ng kanyang panganay ang nagsilbing motibasyon niya upang mas pag-igihan ang negosyo.

Sa ngayon, nakatapos na ang isa niyang anak ng kursong *Business Management* sa Araullo University sa Cabanatuan City samantalang ang isa'y nagsisimula pa lang sa kolehiyo sa parehong unibersidad.

Sa ngayon, matatag kung ilarawan ni Pacson ang negosyo niya sa pagkakalabaw na ayon sa kanya ay malaking ginhawa ang dulot dahil napag-aral niya ang kanyang mga anak.

Mahirap man sa simula, aniya, may katagumpayan kundi panghihinaan ng loob at mawawalan ng pag-asa lalo't sasamahan pa ng ibayong pagtitiyaga. ●

iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!



Department of Agriculture

PHILIPPINE CARABAO CENTER

CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

Ano ang *chocolate milk*?

Nina Mina Abella, Patrizia Camille Saturno at Teresita Baltazar

Salin sa Filipino ni Charlene Joanino

Chocolate milk ang paboritong produkto mula sa gatas ng kalabaw ng mga batang mag-aaral. Ito rin ay tinuturing na magandang alternatibo sa mga hindi mahilig uminom ng purong gatas. Mayaman ito sa protina, *fats*, bitamina, at mineral.

Ayon sa pag-aaral na isinaad sa *Dairy goodness website* ng Dairy Farmers of Canada, mas pinipili rin ng mga kabataan ang *chocolate milk* kaysa sa mga matatamis na inumin. Napag-alaman na ang umiinom nito ay nagkakaroon ng matibay na buto at may mas mainam na “overall diet quality” kumpara sa mga hindi umiinom ng *chocolate milk*.

Paano mapabubuti ang kalidad ng *chocolate milk* gamit ang *carrageenan*?

Pangkaraniwang problema sa paggawa ng *chocolate milk* ang ‘di matunaw na *cocoa powder* sa tubig at gatas. Upang maiwasan ito, inirerekomenda ang paggamit ng *carrageenan*, na nakukuha sa damong dagat o *seaweed*, bilang *stabilizer*.

Paano masisiguro ang mataas na kalidad ng *chocomilk* na ginamitan ng *carrageenan*?

- Gumamit lamang ng magandang kalidad na gatas ng kalabaw.
- Upang maging epektibong *stabilizer*, kailangan tunawin nang mabuti ang *carrageenan*. Haluan ng asukal upang mas madaling matunaw.
- Sa pagproseso ng *chocolate milk*, siguraduhing tama ang dami ng *carrageenan* na ginamit. Palamigin ang *chocolate milk* sa pamamagitan ng patuloy na paghalo rito hanggang sa temperatura na 20°C o mas mababa pa bago isalin sa pakete.

Paano gumawa ng *chocolate milk* na may *carrageenan*?

1 Ihanda ang mga sangkap at iba pang mga kagamitan.

Sukatin ang dami ng mga sangkap base sa pormulasyon. Paghaluin ang *carrageenan* at asukal sa isang *stainless* na kaserola. Pagkaraan nito’y isunod na ihalo ang *skimmed milk* at *cocoa powder*. Tunawing mabuti sa tubig ang *mixture* at haluan ng sariwang gatas ng kalabaw.

2

I-pasteurize ang *chocolate milk*. Sa pamamagitan ng *double boiler technique* ay painitan ang *chocolate milk* sa temperaturang 75-80°C sa loob ng 2-5 minuto. Haluin ito upang maiwasan ang *scorching*.

3

Palamigin ang *chocolate milk*. Pagkatapos *i-pasteurize* ay dali-daling palamigan ang *chocomilk* sa pamamagitan ng patuloy na paghalo sa lalagyan na dinadaluyan ng tubig hanggang sa ang temperatura ng *chocomilk* ay 20° C o mas mababa pa.

4

I-pack ang *chocolate milk*. Isalin ang *chocomilk* sa na-*disinfect* na lalagyan at isarang mabuti.

5

Iimbak ang *chocolate milk*. Ilagay ang naimpakeng *chocolate milk* sa *chiller* o palamigan.

PATNUGUTAN

Patnugot Eric P. Palacpac | **Tagapamahalang Patnugot** Rowena G. Bumanlag | **Manunulat/Tagapamahala sa Isyung Ito** Charlene S. Joanino | **Layout** Ma. Cecilia C. Irang | **Mga Nag-ambag ng Artikulo** Micko Roa Dela Cruz, Myra Sheryll Dacwag, Mina P. Abella, Patrizia Camille Saturno, Teresita Baltazar | **Tagapamahala sa Sirkulasyon** Chrissalyn L. Marcelo | **Tagapayo** Wilma T. Del Rosario **Kasangguni** Anselmo S. Roque | **Pinunong Tagapagpaganap** Arnel N. Del Barrio